**INTERNATIONAL NAPASA ( September 16, 2025 )**

## 1) IMPORMASYON UKOL SA CONCERT SA HACHIMAN YAMA NO YOUKAN

八幡山の洋館でのコンサートのお知らせ

Sa September 17 (Wednesday) ay magkakaroon ng libreng concert sa Hachimanyama no Youkan. Mula 11:00 hanggang 12:00 ng tanghali ay magkakaroon ng ***"Soyo Kaze Concert"*** at mula 3:00 ng hapon ay isasagawa naman ang ***"Aki no Concert".***

Para sa mas detalyadong pangalan ng kanta at musikero ay makikita sa Web site ng Hiratsuka City Office. Ang kapasidad ng lugar ay hanggang 60 taong naunang dumating. Para sa mga katanungan ay makipag-alam sa Telephone No. **0463-35-7114 ( 0463-35-7114).**

## 2) SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa September 23 (Tuesday) ay may schedule ng laro ang ***SHONAN BELLMARE*** laban sa ***KAWASAKI FRONTALE.*** Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 7:00 ng gabi. At ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung bibilhin ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa matatanda, at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500.**

## 3) IMPORMASYON UKOL SA DIREKTANG PAGBILI NG MGA ISDA

魚直売会のお知らせ

Sa September 27 (Saturday) ay magkakaroon ng derektang pagbili ng mga lokal na isda sa daungan ng Hiratsuka City. Dito ay magbebenta rin ng mga lokal na gulay. Ang mga sariwang isda at Shonan Shirasu ay mag-uumpisa ng pagbebenta mula 10:00 ng umaga. At ito ay matatapos hanggang maubos ang mga paninda.

Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa ***FISHIRIES COOPERATIVE ASSOCIATION (GYOGYO KYODO KUMIAI)*** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0463-21-0146 ( 0463-21-0146 ).**

## 4) PAGPAPAALAM UKOL SA THEATER FESTIVAL NG HIRATSUKA CITY

平塚市の演劇フェスティバルのお知らせ

Sa September 27 (Saturday)at September 28 (Sunday) ay magkakaroon ng " 2 araw na ***CIVIC THEATHER FESTIVAL"*** sa Central Community Center ng Hiratsuka City. Ang oras ay mula 1:30 ng hapon. Ang Theater Company na nagsasagawa ng aktibidad sa loob ng siyudad ay magpapalabas ng 6 na drama. Ang halaga ng Entrance Fee ay ¥500. Makakabili

ng Enrance Ticket internet sa Livepocket ng Home Page ng Siyudad o tumawag at magpa-reserba hanggang September 20 sa ***TOWN PLANNING FOUNDATION (MACHI ZUKURI ZAIDAN). T***elephone No. **0463-32-2237 (0463-32-2237).** Ibibigay ang Ticket sa araw ng panonood sa nasabing lugar. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa ***TOWN PLANNING FOUNDATION (MACHI ZUKURI ZAIDAN).*** Telephone No. **0463-32-2237 (0463-32--2237).**

## 5) IMPORMASYON UKOL SA SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET

湘南平塚ふれあいマーケットのお知らせ

Sa September 28 (Sunday) ay magkakaroon ng ***SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET*** sa palengke ng bagsakan ng mga paninda sa 1-7 Shinomiya, Hiratsuka City. Ang oras ay magsisimula ng 7:00 ng umaga hanggang alas 8:00 ng umaga. Makabibili ng mga lokal na napapanahong mga gulay, sariwang isda, at iba pa. Ito ay matutuloy pa rin sa petsang itinakda kahit na umulan. Kung may gusto pang malaman ukol sa bagay na ito ay maaring tumawag sa ***INDUSTRIAL PROMOTION DIVISION (SANGYO SHINKO KA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-9758 (0463-21-9758)** o maaaring tumawag sa umaga ng araw ng pagdiriwang. Telephone No. **090-3215-0106 (090-3215-0106).**